

Paunang Salita

Ang lahat ng papuri ay ukol lamang kay Alláh. Nawa'y ang pagpapala at kapayapaan ay mapasaating Propeta na si Muhammad, sa kanyang mga pamilya at mga kasamahan at sa lahat ng mga sumunod sa kanyang mga aral.

Ang Dhikr ay paggunita o kaya'y pag-alaala kay Allah ﷻ na gawaing pagsamba ng puso at dila sa pamamagitan ng mga pagpuri, pagluwalhati at pagdakila sa Kanyang mga magagandang pangalan at katangian na nabanggit sa Banal na Qur-an at sa Hadith ni Propeta Muhammad ﷺ at ang mga Piling Adhkár na ito ay inihanda para sa isang Muslim na nais makamtan ang mataas na antas at kahigtan kay Allah ﷻ. Kaya kailangan pahalagahan ang maliit na Aklat na ito at ugaliin ang pagbabasa nito upang makamit ang dakilang gantimpala mula kay Allah ﷻ at mapangalagaan laban kay Shaytan.

Mga Nilalaman

Paunang Salita.....	1
Kahigtan ng Dhikr.....	2
Adhkár sa Umaga at Hapon.....	3
Adhkár Pagkatapos ng Saláh.....	23
Pangunahing Panalangin sa Paghingi ng Tawad.....	30
Du-a Pagkatapos ng Pagtitipon.....	32
Dhikr Bago Kumain.....	33
Dhikr Pagkatapos Kumain.....	33
Dhikr Bago Matulog.....	34
Dhikr Pagkagising.....	34
Dhikr Kapag Papasok sa Bahay.....	35
Dhikr Kapag Lalabas sa Bahay.....	35
Dhikr Bago Magsagawa ng Wudú.....	36
Dhikr Pagkatapos ng Wudú.....	36
Dhikr Bago Pumasok sa Palikuran.....	37
Dhikr Pagkalabas sa Palikuran.....	38
Paghingi ng Patnubay.....	38

قال الله تعالى:

{وَلَا تَكُونُوا كَالَّذِينَ تَسُوا اللَّهَ فَأَنسَاهُمْ أَنفُسَهُمْ أُولَٰئِكَ هُمُ الْفَاسِقُونَ ۝ ۱۹ لَا
يَسْتَوِي أَصْحَابُ النَّارِ وَأَصْحَابُ الْجَنَّةِ أَصْحَابُ الْجَنَّةِ هُمُ الْفَائِزُونَ ۝ ۲۰}

(سورة الحشر)

Sinabi ni Allah ﷻ:

"At huwag kayong tumulad sa kanila na nakalimot kay Allah, at Kanyang pinapangyari na malimutan nila ang kanilang mga sarili, sila nga ang mga Fasiqun (palasuway kay Allah). Hindi magkatulad ang mga tao sa Impiyerno at mga tao sa Paraiso. Ang mga tao sa Paraiso ay tunay na mga nagtagumpay." (Q-59:19-20)

فضل الذكر
KAHIGTAN NG DHIKR

قال الله تعالى: {فَاذْكُرُونِي أَذْكُرْكُمْ وَاشْكُرُوا لِي وَلَا تَكْفُرُونَ} (البقرة: ١٥٢)

Sinabi ni Allah ﷻ:

"Gunitain ninyo Ako, at gugunitain Ko (rin) kayo, at magpasalamat kayo sa Akin, at huwag ninyong ipagsasawalang-bahala ang Aking mga biyaya sa inyo". (2:152)

قال الله تعالى: {وَالذَّاكِرِينَ اللَّهَ كَثِيرًا وَالذَّاكِرَاتِ أَعَدَّ اللَّهُ لَهُمْ مَغْفِرَةً وَأَجْرًا عَظِيمًا} (الأحزاب: ٣٥)

Sinabi ni Allah ﷻ:

"At ang mga lalaki at mga babaing gumugunita (ang kanilang mga puso at dila) nang palagian kay Allah, ay inihanda ni Allah para sa kanila ang kapatawaran at ang dakilang gantimpala." (33:35)

قال الله تعالى: {الَّذِينَ ءَامَنُوا وَتَطْمَئِنُّ قُلُوبُهُمْ بِذِكْرِ اللَّهِ أَلَا
بِذِكْرِ اللَّهِ تَطْمَئِنُّ الْقُلُوبُ} (الرعد: ٢٨)

Sinabi ni Allah ﷻ:

"Sila na sumampalataya at sa kanilang mga puso ay nakadarama ng katiwasayan sa paggunita kay Allah, dahil sa paggunita kay Allah, ang mga puso ay nakasusumpong ng kapahingahan (13:28)

قال النبي ﷺ: ((مَثَلُ الَّذِي يَذْكُرُ رَبَّهُ وَالَّذِي لَا يَذْكُرُ رَبَّهُ
مَثَلُ الْحَيِّ وَالْمَيِّتِ)) (رواه البخاري)

Sinabi ni Propeta Muhammad ﷺ:

"Ang katulad ng taong gumugunita sa kanyang Panginoon at ang taong hindi gumugunita sa kanyang Panginoon ay katulad ng buhay at patay." (Bukhari)

Nawa'y ibilang tayo ni Allah ﷻ sa mga taong palagiang gumugunita sa Kanya, Ameen...

أذكار طرفي النهار

MGA ADHKÁR SA UMAGA AT HAPON

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

١- {قُلْ هُوَ اللَّهُ أَحَدٌ، اللَّهُ الصَّمَدُ، لَمْ يَلِدْ وَلَمْ يُولَدْ، وَلَمْ يَكُنْ لَهُ كُفُوًا أَحَدٌ} (ثلاث مرات)

*Sa ngalan ni Allah, ang Pinakamaawain,
ang Pinakamahabagin.*

Sabihin: Siya si Allah ang Nag-iisa (1) Si Allah ang walang hanggan, ang ganap, sandigan ng lahat (2) Hindi Siya nagkaanak at hindi Siya ipinanganak (3) At Siya ay walang katulad (4).

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

٢- {قُلْ أَعُوذُ بِرَبِّ الْفَلَقِ، مِنْ شَرِّ مَا خَلَقَ، وَمِنْ شَرِّ غَاسِقٍ إِذَا وَقَبَ، وَمِنْ شَرِّ النَّفَّاثَاتِ فِي الْعُقَدِ، وَمِنْ شَرِّ حَاسِدٍ إِذَا حَسَدَ} (ثلاث مرات)

*Sa ngalan ni Allah, ang Pinakamaawain,
ang Pinakamahabagin.*

Sabihin: Ako ay nagpapakupkop sa Panginoon ng buwang-liwayway (1) Mula sa kasamaan ng Kanyang nilikha (2) At mula sa kasamaan ng gabi kapag lumaganap na ang kadiliman nito (3) At mula sa kasamaan ng mga nagsasagawa ng karunungan itim na bumubuga sa mga taling ibinuhol (4) At mula sa kasamaan ng mainggitin kapag siya ay nainggit (5).

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ
٣- {قُلْ أَعُوذُ بِرَبِّ النَّاسِ، مَلِكِ النَّاسِ، إِلَهِ النَّاسِ، مِنْ شَرِّ الْوَسْوَاسِ الْخَنَّاسِ، الَّذِي يُوَسْوِسُ فِي صُدُورِ النَّاسِ، مِنَ الْجِنَّةِ وَالنَّاسِ} (ثلاث مرات)

*Sa ngalan ni Allah, ang Pinakamaawain,
ang Pinakamahabagin*

Sabihin: Ako ay nagpapakupkop sa Panginoon ng sangkatauhan (1) Na Hari ng sangkatauhan (2) Na Diyos ng sangkatauhan (3) Mula sa kasamaan ng

bumubulong at lumalayo matapos bumulong (4) Ang nagbubulong sa mga puso ng sangkatauhan (5) sila ay mula sa mga Jinn at mga Tao (6).

٤ - لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، لَهُ الْمُلْكُ، وَلَهُ الْحَمْدُ، وَهُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِيرٌ. (مرة أو عشر أو مائة مرة)

4- LÁ ILÁHA IL-LALLÁHU WAHDAHÚ LÁ SHARÍ-KALAH, LAHUL-MULK, WALAHUL-HAMD, WAHUWA ALÁ KULLI SHAY-IN QADÍR. (1 X) or (10 X) or (100 X)

Walang ibang Diyos na karapat-dapat sambahin maliban kay Allah, tanging Siya lamang, Wala Siyang katambal, sa Kanya lamang ang lahat ng kaharian at papuri, at Siya ang may kakayahan sa lahat ng bagay.

٥ - سُبْحَانَ اللَّهِ وَبِحَمْدِهِ. (مائة مرة)

5- SUB-HÁNALLÁHI WABIHAM-DIHÍ.

(100 X)

Ang Kaluwalhatian ay kay Allah at ang lahat ng papuri ay sa Kaniya.

٦- بِسْمِ اللَّهِ الَّذِي لَا يَضُرُّ مَعَ اسْمِهِ شَيْءٌ فِي الْأَرْضِ وَلَا فِي السَّمَاءِ وَهُوَ السَّمِيعُ الْعَلِيمُ. (ثلاث مرات)

6- BISMILLÁHIL-LADHÍ LÁ YADUR-RU MA-ASMIHÍ SHAY-UN FIL-ARDI WALÁ FIS-SAMÁ-I WAHUWAS-SAMÍ-UL ALÍM. (3 X)

Sa ngalan ni Allah, na sa Kanyang pangalan ay walang mapipinsalang bagay dito sa lupa ganun din sa langit, at Siya ang Lubos na Nakaririnig at Lubos na Nakaalam.

٧- أَعُوذُ بِكَلِمَاتِ اللَّهِ التَّامَّاتِ مِنْ شَرِّ مَا خَلَقَ. (ثلاث مرات)

7- A-ÚDHU BIKALIMÁ-TILLÁHI-
TÁMMÁ-TI MIN SHAR-RI MÁ
KHALAQ. (3 X)

*Ako ay nagpapakupkop sa ganap na mga
salita ni Allah, mula sa kasamaan ng mga
nilikha.*

٨- رَضِيتُ بِاللَّهِ رَبًّا، وَبِالْإِسْلَامِ دِينًا، وَبِمُحَمَّدٍ صَلَّى اللَّهُ
عَلَيْهِ وَسَلَّمَ نَبِيًّا رَسُولًا.
(ثلاث مرات)

8- RADEYTO BILLÁHI RAB-BAN,
WABIL ISLÁMI DÍNAN, WABI
MUHAMMADIN SAL-LALLÁHU
ALAYHI WASAL-LAMA NABIY-YAN
RASÚLA. (3 X)

*Ikinalulugod ko na si Allah ang Panginoon
at ang Islam ang Relihiyon at si
Muhammad (sumakanya nawa ang
pagpapala at kapayapaan.) bilang Propeta
at Sugo.*

٩- حَسْبِيَ اللهُ لَا إِلَهَ إِلَّا هُوَ عَلَيْهِ تَوَكَّلْتُ وَهُوَ رَبُّ
الْعَرْشِ الْعَظِيمِ. (٧ مرات)

9- HASBIYALLÁHU LÁ ILÁHA IL-LÁ
HUWA ALAYHI TAWAK-KALTU,
WAHUWA RAB-BUL-ARSHIL-ADHÍM.
(7 X)

*Si Allah ay sapat na para sa akin, walang
ibang diyos na may karapatang sambahin
maliban sa Kanya, sa Kanya ko ipinaubaya
ang aking tiwala at Siya ang Panginoon ng
dakilang luklukan.*

١٠- أَصْبَحْنَا (أَمْسَيْنَا) عَلَى فِطْرَةِ الْإِسْلَامِ، وَعَلَى كَلِمَةِ
الْإِخْلَاصِ، وَعَلَى دِينِ نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ ﷺ وَعَلَى مِلَّةِ أَبِيْنَا
إِبْرَاهِيمَ حَنِيفًا مُسْلِمًا، وَمَا كَانَ مِنَ الْمُشْرِكِينَ.

10- ASBAH-NÁ (sa hapon: AMSAYNÁ)
ALÁ FITRATIL ISLÁM, WA-ALÁ
KALIMATIL IKH-LÁS, WA-ALÁ DÍNI
NABIY-YINÁ MUHAMMAD SAL-
LALLÁHU ALAYHI WASAL-LAMA,

WA-ALÁ MIL-LATI ABÍNÁ IBRAHÍM,
HANÍFAN MUSLIMAN, WAMÁ KÁNA
MINAL-MUSHRIKÍN.

Kami ay nagising sa likas na pananampalatayang Islam, at sa dalisay na salita, at sa Relihiyon ng aming Propeta Muhammad, (sumakanya nawa ang pagpapala at kapayapaan) at sa paniniwala ng ama namin na si Ibrahim, siya ay makatotohanang Muslim kay Allah ﷻ, at hindi siya na kasama sa mga nagtatambal kay Allah ﷻ.

١١ - أَصْبَحْنَا وَأَصْبَحَ الْمَلِكُ اللَّهُ، (في المساء يقول:
أمسينا وأمسى الملك لله) والحمد لله، لا إله إلا الله
وحده لا شريك له، له الملك وله الحمد وهو على كل
شيء قدير، رَبِّ أَسْأَلُكَ خَيْرَ مَا فِي هَذَا الْيَوْمِ، وَخَيْرَ مَا
بَعْدَهُ، وَأَعُوذُ بِكَ مِنْ شَرِّ مَا فِي هَذَا الْيَوْمِ، وَشَرِّ مَا
بَعْدَهُ ، (في المساء يقول: رَبِّ أَسْأَلُكَ خَيْرَ مَا فِي هَذِهِ
الليلة، وَخَيْرَ مَا بَعْدَهَا، وَأَعُوذُ بِكَ مِنْ شَرِّ مَا فِي هَذِهِ
الليلة وَشَرِّ مَا بَعْدَهَا) رَبِّ أَعُوذُ بِكَ مِنَ الْكَسَلِ وَسَوْءِ

الكَبِير، رَبِّ أَعُوذُ بِكَ مِنْ عَذَابِ فِي النَّارِ، وَعَذَابِ فِي
القَبْرِ.

11- ASBAH-NÁ WA-ASBAHAL
MULKU LILLÁH, (sa hapon: AMSAYNA
WA-AMSAL MULKU LILLÁH) WAL-
HAMDU LILLÁHI, LÁ-ILÁHA IL-
LALLÁH WAH-DAHU LÁ
SHARÍKALAH, LAHUL-MULKU
WALAHUL-HAMD WAHUWA ALÁ
KUL-LI SHAY-IN QADÍR, RAB-BI AS-
ALUKA KHAYRA MÁ-FÍ HÁDHAL-
YAWM, WAKHAYRA MÁ BÁ'DAHU,
WA A-ÚDHU BIKÁ MIN SHAR-RI MÁ
FÍ HÁDHAL-YAWM, WA SHAR-RI MÁ
BÁ'DAHU,

(sa hapon: (RAB-BI AS-ALUKA
KHAYRA MÁ FÍ HÁDHIHIL-LAYLAH
WAKHAYRA MÁ BÁ'DAHÁ, WA-A-
ÚDHU BIKÁ MIN SHAR-RI MÁ FÍ

HÁDHIHIL-LAYLAH WA-SHAR-RI MÁ
BA'DAHÁ)

RAB-BI A-ÚDHU BIKA MINAL-KASLI,
WASÚ-IL-KIBAR, RAB-BI A-ÚDHU
BIKA MIN ADHÁBI FINNÁR, WA-
ADHÁBI FIL-QABR.

Narating namin ang panibagong araw at ang lahat ng kapangyarihan ay pag-aari lamang ni Allah (s.w.t.) walang ibang diyos na karapat-dapat sambahin maliban kay Allah, tanging Siya lamang, Wala Siyang katambal, Siya ang nagmamay-ari ng lahat ng kapangyarihan at kapurihan, at Siya ang may kakayahan sa lahat ng bagay, O Panginoon ko, hinihiling ko sa Iyo ang mga kabutihan ng araw na ito (sa hapon: gabi na ito) at ang mga kabutihang kasunod nito, at ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa kasamaang nilalaman ng araw na ito (sa hapon: gabi na ito) at sa mga kasamaang kasunod nito, O Panginoon ko,

ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa katamaran, at sa pagka-ulianin, O Panginoon ko, ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa kaparusahan sa impiyerno at kaparusahan sa libingan.

١٢ - اللَّهُمَّ بِكَ أَصْبَحْنَا، وَبِكَ أَمْسَيْنَا وَبِكَ نَحْيَا، وَبِكَ نَمُوتُ، وَإِلَيْكَ النُّشُورُ. (في المساء يقول: اللَّهُمَّ بِكَ أَمْسَيْنَا وَبِكَ أَصْبَحْنَا وَبِكَ نَحْيَا، وَبِكَ نَمُوتُ، وَإِلَيْكَ الْمَصِيرُ)

12- ALLÁHUM-MA BIKÁ ASBAHNÁ WABIKA AMSAYNÁ, WABIKA NAHYÁ, WABIKA NAMÚTU WALAYKAN-NUSHÚR (sa hapon: ALLÁHUM-MÁ BIKÁ AMSAYNÁ WABIKA ASBAHNÁ WABIKA NAHYÁ, WABIKA NAMÚTU, WALAYKAL-MASÍR).

O Allah, dahil sa Iyong kapahintulutan ay inabot namin ang umaga at mula sa Iyong kapahintulutan ay narating namin ang gabi

at mula sa Iyong kapahintulutan kami ay nabuhay at mamamatay at sa Iyo ang aming pagkabuhay muli.

١٣ - اللَّهُمَّ إِنِّي أَصْبَحْتُ (أَمْسَيْتُ) أَشْهَدُكَ، وَأَشْهَدُ حَمَلَةَ عَرْشِكَ، وَمَلَائِكَتِكَ، وَجَمِيعَ خَلْقِكَ، بِأَنَّكَ أَنْتَ اللَّهُ، لَا إِلَهَ إِلَّا أَنْتَ، وَحَدِّكَ لَا شَرِيكَ لَكَ، وَأَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُكَ وَرَسُولُكَ.
(مرة أو مرتين أو ثلاث مرات أو أربع مرات)

13- ALLÁHUM-MA INNÍ ASBAHTU (sa hapon: AMSAYTU) USH-HIDUKA WA-USH-HIDU HAMALATA ARSHIKA, WAMALÁ-IKATIKA, WAJAMÍ-A KHALQIKA, BI-AN-NAKA ANTALLÁH LÁ ILÁHA IL-LÁ ANTA WAHDAKA LÁ SHARÍ-KALAK, WA-AN-NA MUHAMMADAN ABDUKA WA-RASÚLUKA. (1 or 2X or 3X or 4X)

O Allah, katotohanan inabot ko ang panibagong umaga, at nananawagan sa Iyo, at sa mga namamahala sa Iyong dakilang luklukan, sa Iyong mga anghel at

sa lahat ng nilikha Mo, upang sumaksi na katotohanan, Ikaw si Allah, walang ibang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Iyo, Ikaw ay nag-iisa at wala Kang katambal, at si Muhammad ay Iyong Lingkod at Sugo.

١٤ - اللَّهُمَّ مَا أَصْبَحَ (أَمْسَى) بِي مِنْ نِعْمَةٍ، أَوْ يَأْخُذُ مِنْ خَلْقِكَ، فَمِنْكَ وَحْدَكَ لَا شَرِيكَ لَكَ، فَكَ الْحَمْدُ وَلَكَ الشُّكْرُ.

14- ALLÁHUM-MA MÁ ASBAHA (sa hapon: AMSA) BÍ MIN NI'MATIN, AW BI-AHADIN MIN KHALQIKA FAMINKA WAH-DAKA LÁ SHARÍKALAK, FALAKAL-HAMDU WALAKASH-SHUKRU.

O Allah, anumang pagpapala ang natanggap ko o alinman sa Iyong mga nilikha ay sa Iyo lamang nanggagaling, wala Kang katambal, kaya sa Iyo nararapat ang lahat ng papuri at pasasalamat.

١٥- يَا حَيُّ يَا قَيُّوْمُ بِكَ أَسْتَعِيْثُ، فَاصْلِحْ لِيْ شَأْنِيْ، وَلَا تَكِلْنِيْ إِلَى نَفْسِيْ طَرْفَةَ عَيْنٍ.

15- YÁ HAY-YU YÁ QAYYÚM BIKÁ
ASTAGHÍTHU, FA ASLIH-LÍ SHA'NÍ,
WALÁ TAKILNÍ ILÁ NAFSÍ TARFATA
AYN.

O Allah, na laging buhay at walang katapusan! Hinihiling ko ang Iyong tulong, upang ituwid ang lahat kong gawa at huwag ipaubaya sa akin ang pamamahala sa aking sarili ng kahit man kisap mata.

١٦- اَللّٰهُمَّ عَافِنِيْ فِيْ بَدَنِيْ، اَللّٰهُمَّ عَافِنِيْ فِيْ سَمْعِيْ،
اَللّٰهُمَّ عَافِنِيْ فِيْ بَصْرِيْ، لَا اِلٰهَ اِلَّا اَنْتَ. (ثلاث مرات)

16- ALLÁHUM-MA Á-FINÍ FÍ BADANÍ,
ALLÁHUM-MA Á-FINÍ FÍ SAM-Í,
ALLÁHUM-MA Á-FINÍ FÍ BASARÍ, LÁ-
ILAHA IL-LÁ ANTA. (3 x)

O Allah, pagkalooban Mo po ng kalusugan ang aking katawan, O Allah, pangalagaan Mo po ang aking pandinig, O Allah, pangalagaan Mo po ang aking paningin, walang ibang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Iyo (Allah).

١٧ - اللَّهُمَّ إِنِّي أَعُوذُ بِكَ مِنَ الْكُفْرِ وَالْفَقْرِ، وَأَعُوذُ بِكَ مِنْ عَذَابِ الْقَبْرِ، لَا إِلَهَ إِلَّا أَنْتَ. (ثلاث مرات)

17- ALLÁHUM-MA INNÍ A-ÚDHUBIKA MINAL-KUFRI WAL-FAQR, WA A-ÚDHUBIKA MIN ADHÁBIL-QABR, LÁ ILÁHA IL-LÁ ANTA. (3 X)

O Allah, ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa pagkawalang-paniniwala at sa kahirapan at ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa mga kaparusahan sa libingan, walang ibang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Iyo (Allah).

١٨ - اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ الْعَافِيَةَ فِي الدُّنْيَا وَالْآخِرَةِ، اللَّهُمَّ
إِنِّي أَسْأَلُكَ الْعَفْوَ وَالْعَافِيَةَ فِي دِينِي وَدُنْيَايَ وَأَهْلِي
وَمَالِي، اللَّهُمَّ اسْتُرْ عَوْرَاتِي، وَأَمِنْ رَوْعَاتِي، اللَّهُمَّ
احْفَظْنِي مِنْ بَيْنِ يَدَيْ، وَمِنْ خَلْفِي، وَعَنْ يَمِينِي، وَعَنْ
شِمَالِي، وَمِنْ فَوْقِي، وَأَعُوذُ بِعَظَمَتِكَ أَنْ أُغْتَالَ مِنْ تَحْتِي.

18- ALLÁHUM-MA INNÍ AS-
ALUKAL-ÁFIYAH FID-DUNYÁ WAL-
ÁKHIRAH, ALLÁHUM-MA INNÍ AS-
ALUKAL-AFWA WAL-ÁFIYAH FÍ
DÍNÍ WADUNYÁ-YA WA-AHLÍ
WAMÁLÍ, ALLÁHUM-MASTUR
AWRÁ-TÍ, WA ÁMIN RAW-ÁTÍ,
ALLÁHUM-MAH-FADH-NÍ MIN
BAYNI YADAY-YA, WAMIN KHALFÍ,
WA-AN YAMÍNÍ, WA-AN SHIMÁLÍ,
WAMIN FAWQÍ, WA A-ÚDHU BI-
ADHAMATIKA AN UGHTALA MIN
TAH-TÍ.

*O Allah, pagkalooban Mo po ako ng
kagandahang-buhay dito sa lupa at sa*

kabilang buhay, O Allah, hinihiling ko po ang Iyong kapatawaran at pangangalaga sa aking Relihiyon, sa aking mga makamundong hangarin, sa aking pamilya at kayamanan, O Allah, pagtakpan Mo po ang aking mga kahinaan at kahihyan, O Allah, pangalagaan Mo po ako sa aking harapan at likuran at mula sa aking kanan at kaliwa at sa aking itaas, at ako ay nagpapakupkop sa Iyong kadakilaan mula sa mga nakamamatay na nagmumula sa ilalim.

١٩ - اللَّهُمَّ فَاطِرَ السَّمَوَاتِ وَالْأَرْضِ، عَالِمَ الْغَيْبِ وَالشَّهَادَةِ، رَبَّ كُلِّ شَيْءٍ وَمَلِيكَهُ، أَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا أَنْتَ، أَعُوذُ بِكَ مِنْ شَرِّ نَفْسِي، وَشَرِّ الشَّيْطَانِ وَشَرِّكِهِ، وَأَنْ أَقْتَرِفَ عَلَى نَفْسِي سُوءًا، أَوْ أُجْرَهُ إِلَى مُسْلِمٍ .

19- ALLÁHUM-MA FÁTIRAS-SAMÁWÁ-TI WAL-ARDH, ÁLIMAL-GHAYBI WAS-SHAHÁDAH, RAB-BA

KUL-LI SHAY-IN WAMALÍ-KAHU,
ASH-HADU AL-LÁ ILÁHA IL-LÁ
ANTA, A-ÚDHU BIKÁ MIN SHAR-RI
NAFSÍ, WASHAR-RIS-SHAYTÁNI
WASHIRKIHI, WA-AN-AQTARIFA
ALÁ NAFSÍ SÚ-AN, AW-AJUR-RAHU
ILA MUSLIM.

O Allah, ang Tagapaglikha ng mga kalangitan at kalupaan , ang Lubos na nakababatid sa mga bagay na nakalingid at nakalantad, Panginoon at Nagmamay-ari ng lahat ng bagay, ako ay sumasaksi na walang ibang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Iyo, ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa kasamaan ng aking sarili at mula sa kasamaan ni Shaytan at ang kanyang pagtatambal, at mula sa mga pagkakamaling nagagawa na laban sa aking sarili o mapanagutan ng kapwa Muslim.

٢٠- اللهم إني أسألك علماً نافعاً، ورزقاً طيباً، وعملاً
مُتقبلاً.

20- ALLÁHUM-MA INNÍ AS-ALUKA
ILMAN NÁFI-AN, WARIZQAN TAY-
YIBAN, WA-AMALAN MUTAQAB-
BALA.

*O Allah, ako ay humihiling sa Iyo ng
kaalamang makapagdudulot sa akin ng
kabutihan at magandang biyaya at mga
gawaing katanggap-tanggap.*

٢١- اللَّهُمَّ أَنْتَ رَبِّي لَا إِلَهَ إِلَّا أَنْتَ خَلَقْتَنِي وَأَنَا عَبْدُكَ
وَأَنَا عَلَىٰ عَهْدِكَ وَوَعْدِكَ مَا اسْتِطَعْتُ أَعُوذُ بِكَ مِنْ شَرِّ مَا
صَنَعْتُ أُبُوءُ لَكَ بِنِعْمَتِكَ عَلَيَّ وَأُبُوءُ لَكَ بِذُنُوبِي فَاعْفِرْ لِي
فَإِنَّهُ لَا يَغْفِرُ الذُّنُوبَ إِلَّا أَنْتَ.

21- ALLÁHUM-MA ANTA RABBÍ, LÁ
ILÁHA IL-LÁ ANTA, KHALAQGANÍ
WA-ANÁ ABDUKA, WA-ANÁ ALÁ
AH-DIKA, WA WA'DIKA

MASTATATU, A-ÚDHU BIKA MIN
SHAR-RI MÁ SANA'TU, ABÚ-ULAKA
BINIMATIKA ALAY-YA, WA-ABÚ-
ULAKA BIDHANBÍ, FAGH-FIRLÍ FA-
IN-NAHÚ LÁ YAGH-FIRUD
DHUNÚBA IL-LÁ ANTA.

*O Allah, Ikaw ang aking Panginoon,
walang ibang diyos na karapat-dapat
sambahin maliban sa Iyo, ako ay Iyong
nilikha at ako ay Iyong alipin at ako ay
susunod sa Iyong mga ipinag-utos at
ipinangangako kong gagawin ko sa abot ng
aking makakaya, ako ay nagpapakupkop sa
Iyo mula sa kasamaan ng aking gawa,
tinatanggap ko ang iyong biyaya sa akin,
at tinatanggap ko ang aking mga
pagkakasala, kaya patawarin Mo po ako,
dahil katotohanan, walang
makapagbibigay ng kapatawaran maliban
sa Iyo.*

٢٢ - اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا صَلَّيْتَ
عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.
(عشر مرات)

22- ALLÁHUM-MA SAL-LÍ ALÁ
MUHAMMAD, WA-ALÁ ÁLI
MUHAMMAD, KAMÁ SAL-LAYTA
ALÁ IBRAHÍM WA-ALÁ ÁLI IBRAHÍM
IN-NAKA HAMÍDUN MAJÍD. (10 x)

O Allah, ipagkaloob Mo po ang Iyong pagpapala kay Muhammad at sa kanyang angkan, tulad ng pagkaloob Mo ng pagpapala kay Ibrahim at sa kanyang angkan, tunay na Ikaw (Allah) ang kapuri-puri at maluwalhati.

أذكار بعد الصلاة

**MGA ADHKÁR
PAGKATAPOS NG SALÁH**

Pagkatapos magsagawa ng ubligadong pagdarasal ay sambitin ang:

أَسْتَغْفِرُ اللَّهَ (ثلاث مرات)

ASTAGH-FIRULLÁH (3 X)
(Ako'y humihingi ng tawad kay Alláh)

اللَّهُمَّ أَنْتَ السَّلَامُ وَمِنْكَ السَّلَامُ تَبَارَكْتَ يَا ذَا الْجَلَالِ وَالْإِكْرَامِ

ALLÁHUM-MA ANTAS-SALÁM
WAMINKAS- SALÁM TABÁRAKTA
YÁ DHAL-JALÁLI WAL- IKRÁM

O Allah, Ikaw ang Kapayapaan at sa Iyo nagmumula ang kapayapaan, Ikaw ay punung-puno ng pagpapala, Maluwalhati Ka, O nagmamay-ari ng kamahalan at kapurihan.

لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، لَهُ الْمُلْكُ وَلَهُ الْحَمْدُ
وَهُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِيرٌ، لَا حَوْلَ وَلَا قُوَّةَ إِلَّا بِاللَّهِ، لَا
إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَلَا نَعْبُدُ إِلَّا إِيَّاهُ لَهُ النِّعْمَةُ وَلَهُ الْقَضَلُ وَلَهُ
النِّقَاءُ الْحَسَنُ، لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ مُخْلِصِينَ لَهُ الدِّينَ وَلَوْ كَرِهَ
الْكَافِرُونَ، اللَّهُمَّ لَا مَانِعَ لِمَا أَعْطَيْتَ وَلَا مُعْطِيَ لِمَا مَنَعْتَ
وَلَا يَنْفَعُ دَا الْجَدُّ مِثْلَكَ الْجَدُّ.

LÁ ILÁHA IL-LALLÁHU WAHDAHÚ
LÁ SHARÍ KALAH, LAHUL-MULK,
WALAHUL-HAMD, WAHUWA ALÁ
KUL-LI SHAY-IN QADÍR, LÁ HAWLA
WALÁ QUW-WATA ILLÁ BILLÁH, LÁ
ILÁHA IL-LALLÁH WALÁ NA'BUDU
IL-LÁ IYYÁHU LAHUN-NI'MATU
WALAHUL-FADHLU WALAHUTH
THANÁ-UL HASAN, LÁ ILÁHA IL-
LALLÁHU MUKHLISÍNA LAHUD-
DÍNA WALAW KARIHAL KÁFIRÚN,
ALLÁHUM-MA LÁ MÁNI-A LIMÁ
A'TAYTA WALÁ MU'TIYA LIMÁ
MANA'TA WALÁ YANFA-U DHAL-
JAD-DI MINKAL JADD.

Walang ibang diyos na karapat-dapat sambahin maliban kay Allah, tanging Siya lamang, Wala Siyang katambal, para sa Kanya ang lahat ng kaharian at papuri, at Siya ang may kakayahan sa lahat ng bagay. Walang lakas o kapangyarihan maliban kay Allah. Walang diyos na karapat-dapat sambahin maliban kay Allah, at wala kaming sinasamba maliban sa Kanya. Kanya ang lahat ng biyaya at kabutihan at Kanya ang lahat ng dakilang pagpupuri. Walang diyos na karapat-dapat sambahin maliban kay Allah, ang taus-puso at walang pagtatambal na pagsamba ay kay Allah lamang kahit kamuhian man ng mga taong hindi nanampalataya. O Allah, walang makakapigil sa mga bagay na Iyong ipagkakaloob at walang makapagbibigay sa anumang bagay na Iyong pinigilan. At ang lakas ng isang taong malakas ay hindi makapagbibigay sa kanya ng silbi laban sa Iyo.

لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، لَهُ الْمُلْكُ وَلَهُ الْحَمْدُ
يُحْيِي وَيُمِيتُ وَهُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِيرٌ. (١٠ مرات)

LÁ ILÁHA IL-LALLÁHU WAHDAHÚ
LÁ SHARÍ KALAH, LAHUL-MULK,
WALAHUL-HAMD, YUHYÍ WAYUMÍT
WAHUWA ALÁ KUL-LI SHAY-IN
QADÍR. (10 X)

*Walang ibang diyos na karapat-dapat
sambahin maliban lamang kay Allah,
tanging Siya lamang, Wala Siyang
katambal, para sa Kanya lamang ang lahat
ng kaharian at papuri, at Siya ang
nagbibigay ng buhay at kamatayan at Siya
ang may Kakayahan sa lahat ng bagay.*

سُبْحَانَ اللَّهِ (٣٣ مرة)، الْحَمْدُ لِلَّهِ (٣٣ مرة)، اللَّهُ أَكْبَرُ (٣٣ مرة).

SUBHÁNALLÁH (33 X)
Kaluwalhatian kay Allah
ALHAMDULILLÁH (33 X)
Ang lahat ng papuri ay kay Allah

ALLÁHU AKBAR (33 x)
Si Allah ang Pinakadakila

لا إله إلا الله وحده لا شريك له، له الملك وله الحمد
وهو على كل شيء قدير.

LÁ ILÁHA IL-LALLÁHU WAHDAHÚ
LÁ SHARÍKALAH, LAHUL-MULK,
WALAHUL-HAMD, WAHUWA ALÁ
KUL-LI SHAY-IN QADÍR.

{اللَّهُ لَا إِلَهَ إِلَّا هُوَ الْحَيُّ الْقَيُّومُ لَا تَأْخُذُهُ سِنَةٌ وَلَا نَوْمٌ لَهُ
مَا فِي السَّمَوَاتِ وَمَا فِي الْأَرْضِ مَنْ ذَا الَّذِي يَشْفَعُ عِنْدَهُ
إِلَّا بِإِذْنِهِ يَعْلَمُ مَا بَيْنَ أَيْدِيهِمْ وَمَا خَلْفَهُمْ وَلَا يُحِيطُونَ
بِشَيْءٍ مِنْ عِلْمِهِ إِلَّا بِمَا شَاءَ وَسِعَ كُرْسِيُّهُ السَّمَوَاتِ
وَالْأَرْضَ وَلَا يَئُودُهُ حِفْظُهُمَا وَهُوَ الْعَلِيُّ الْعَظِيمُ}.

*"Si Allah, walang ibang tunay na diyos
na karapat-dapat sambahin kundi Siya
lamang, ang Laging-Buhay na walang
kamatayan, ang Tagapangalaga ng lahat,
Hindi Siya natatangay ng antok o idlip ni*

ng pagkatulog. Kanya ang anumang bagay na nasa mga kalangitan at nasa mga kalupaan. Sino kaya ang makapapamagitan sa Kanya kung walang kapahintulutan Niya? Nalalaman Niya ang nangyayari sa kanila (mga nilalang) dito sa lupa at ang mangyayari sa kanila sa kabilang buhay; at hindi nila matatalos ang anuman sa Kanyang karunungan maliban sa Kanyang loobin. Saklaw ng Kanyang luklukan ang mga kalangitan at ang mga kalupaan; at hindi Siya napapagod sa pangangalaga ng mga ito. At Siya ang Kataas-taasan, Ang Pinakadakila."

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ
قُلْ هُوَ اللَّهُ أَحَدٌ، اللَّهُ الصَّمَدُ، لَمْ يَلِدْ وَلَمْ يُولَدْ، وَلَمْ يَكُنْ
لَهُ كُفُوًا أَحَدٌ.

*Sa ngalan ni Allah, ang Pinakamaawain,
ang Pinakamahabagin.*

Sabihin: Siya si Allah ang Nag-iisa (1) Si Allah, ang walang hanggan, ang ganap, sandigan ng lahat, (2) Hindi Siya nagkaanak at hindi Siya ipinanganak (3) At Siya ay walang katulad (4).

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ
قُلْ أَعُوذُ بِرَبِّ الْفَلَقِ، مِنْ شَرِّ مَا خَلَقَ، وَمِنْ شَرِّ غَاسِقٍ إِذَا وَقَبَ، وَمِنْ شَرِّ النَّفَّاثَاتِ فِي الْعُقَدِ، وَمِنْ شَرِّ حَاسِدٍ إِذَا حَسَدَ.

*Sa ngalan ni Allah, ang Pinakamaawain,
ang Pinakamahabagin.*

Sabihin: Ako ay nagpapakupkop sa Panginoon ng buwang-liwayway (1) Mula sa kasamaan ng Kanyang nilikha (2) At mula sa kasamaan ng gabi kapag lumaganap na ang kadiliman nito (3) At mula sa kasamaan ng mga nagsasagawa ng karunungan itim na bumubuga sa mga taling ibinuhol (4) At mula sa kasamaan ng mainggitin kapag siya ay nainggit (5).

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ
قُلْ أَعُوذُ بِرَبِّ النَّاسِ، مَلِكِ النَّاسِ، إِلَهِ النَّاسِ، مِنْ شَرِّ
الْوَسْوَاسِ الْخَنَّاسِ، الَّذِي يُوَسْوِسُ فِي صُدُورِ النَّاسِ،
مِنَ الْجِنَّةِ وَالنَّاسِ.

*Sa ngalan ni Allah, ang Pinakamaawain,
ang Pinakamahabagin*

***Sabihin: Ako ay nagpapakupkop sa
Panginoon ng sangkatauhan (1) Na Hari
ng sangkatauhan (2) Na Diyos ng
sangkatauhan (3) Mula sa kasamaan ng
bumubulong at lumalayo matapos
bumulong (4) Ang nagbubulong sa mga
puso ng sangkatauhan (5) sila ay mula sa
mga Jinn at mga Tao (6)***

سيد الاستغفار

**Pangunahing Panalangin sa
Paghingi ng Tawad**

اللَّهُمَّ أَنْتَ رَبِّي لَا إِلَهَ إِلَّا أَنْتَ خَلَقْتَنِي وَأَنَا عَبْدُكَ وَأَنَا عَلَى
عَهْدِكَ وَوَعْدِكَ مَا اسْتَطَعْتُ أَعُوذُ بِكَ مِنْ شَرِّ مَا صَنَعْتُ

أَبُوؤ لَكَ بِنِعْمَتِكَ عَلَيَّ وَأَبُوؤ لَكَ بِذُنُوبِي فَاعْفِرْ لِي فَإِنَّهُ لَا
يَعْفِرُ الذُّنُوبَ إِلَّا أَنْتَ. (البخاري)

ALLÁHUM-MA ANTA RABBÍ, LÁ
ILÁHA IL-LÁ ANTA, KHALAQTANÍ
WA-ANÁ ABDUKA, WA-ANÁ ALÁ
AH-DIKA, WAWA'DIKA
MASTATA'TU, A-ÚDHU BIKA MIN
SHAR-RI MÁ SANA'TU, ABÚ-ULAKA
BINI'MATIKA ALAY-YA, WA-ABÚ-
ULAKA BIDHANBÍ, FAGH-FIRLÍ FA-
IN-NAHÚ LÁ YAGH-FIRUD
DHUNÚBA IL-LÁ ANTA.

*O Allah, Ikaw ang aking Panginoon,
walang ibang diyos na karapat-dapat
sambahin maliban sa Iyo, ako ay Iyong
nilikha at ako ay Iyong alipin at ako ay
susunod sa Iyong mga ipinag-utos at
ipinangangako kong gagawin ko sa abot ng
aking makakaya, ako ay nagpapakupkop sa
Iyo mula sa kasamaan ng aking gawa,
tinatanggap ko ang Iyong biyaya sa akin,*

*at tinatanggap ko ang aking mga
pagkakasala, kaya ako'y patawarin Mo,
dahil katotohanan, walang
makapagbibigay ng kapatawaran maliban
sa Iyo.*

كفارة المجلس

Du-a Pagkatapos ng Pagtitipon

**كفارة المجلس: سُبْحَانَكَ اللَّهُمَّ وَبِحَمْدِكَ أَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ
إِلَّا أَنْتَ أَسْتَغْفِرُكَ وَأَتُوبُ إِلَيْكَ (الترمذي)**

SUB-HÁNAKALLÁHUM-MA
WABIHAMDIKA ASH-HADU AN LÁ
ILÁHA IL-LÁ ANTA ASTAGFIRUKA
WA-ATÚBU ILAYKA.

*Kaluwalhatian sa Iyo, O Alláh, at kalakip
ng papuri sa Iyo. Sumasaksi ako na walang
ibang diyos kundi Ikaw lamang. Ako ay
humihingi ng kapatawaran at nagbabalik-
loob sa Iyo.*

الذكر قبل الطعام
Ang Dhikr Bago Kumain

بِسْمِ اللَّهِ (البخاري)
BISMILLAH
Sa ngalan ni Alláh

الذكر بعد الطعام
Ang Dhikr Pagkatapos Kumain

الْحَمْدُ لِلَّهِ الَّذِي أَطْعَمَنِي هَذَا وَرَزَقَنِيهِ مِنْ غَيْرِ حَوْلٍ مِنِّي
وَلَا قُوَّةٍ (أبو داود وابن ماجه والترمذي)

AL-HAMDU LIL-LÁHIL LADHÍ AT-
AMANÍ HÁDHÁ WARAZAQANÍHI
MIN GAYRI HAWLIN MIN-NÍ WALÁ
QUW-WAH

Ang lahat ng pasasalamat ay kay Alláh lamang, ang nagpakain sa akin nito at nagkaloob sa akin nito nang walang kapangyarihan mula sa akin ni lakas.

الذكر قبل النوم

Ang Dhikr Bago Matulog

بِسْمِكَ اللَّهُمَّ أَمُوتُ وَأَحْيَا (البخاري)

BISMIKALLÁHUM-MA AMÚTU

WA-AHYÁ

*Sa Iyong pangalan O Alláh, ako ay
mamatay at mabubuhay.*

الذكر بعد الاستيقاظ من النوم

Ang Dhikr Pagkagising

الْحَمْدُ لِلَّهِ الَّذِي أَحْيَانَا بَعْدَ مَا أَمَاتَنَا وَإِلَيْهِ النُّشُورُ

(البخاري ومسلم)

ALHAMDU LILLÁHIL LADHÍ
AHYÁNÁ BA'DA MÁ AMÁTANÁ WA-
ILAYHIN NUSHÚR

*Ang lahat ng papuri ay kay Allah lamang,
ang nagbigay muli sa atin ng buhay
pagkatapos ng kamatayan (pagtulog) at sa
Kaniya ang ating pagkabuhay muli.*

الذکر عند دخول المنزل

Ang Dhikr Kapag Papasok sa Bahay

بِسْمِ اللَّهِ وَلَجْنَا وَيَسْمُ اللَّهُ خَرَجْنَا وَعَلَى رَبِّنَا تَوَكَّلْنَا
(أبو داود)

BISMILLÁHI WALAJNÁ
WABISMILLÁHI KHARAJNÁ WA-ALÁ
RAB-BINÁ TAWAK-KALNÁ

*Sa ngalan ni Alláh, ay pumasok tayo at sa
ngalan ni Alláh, ay lumabas tayo at sa
ating Panginoon tayo ay nanalig.*

الذکر عند الخروج من المنزل

Ang Dhikr Kapag Lalabas sa Bahay

بِسْمِ اللَّهِ تَوَكَّلْتُ عَلَى اللَّهِ لَا حَوْلَ وَلَا قُوَّةَ إِلَّا بِاللَّهِ
(أبو داود والترمذي)

BISMILLÁHI TAWAK-KALTU
ALALLÁH, WALÁ HAWLA WALÁ
QUW-WATA IL-LÁ BILLÁH.

Sa ngalan ni Alláh; nananalig ako kay Alláh, at walang kapangyarihan at walang lakas kundi sa pamamagitan ni Alláh lamang.

الذکر قبل الوضوء

Ang Dhikr Bago Magsagawa ng Wudú

بِسْمِ اللَّهِ BISMILLÁH

(Sa ngalan ni Allah)

الذکر بعد الوضوء

Ang Dhikr Pagkatapos ng Wudú

أَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ وَأَشْهَدُ أَنَّ
مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ اللَّهُمَّ اجْعَلْنِي مِنَ التَّوَّابِينَ وَاجْعَلْنِي
مِنَ الْمُتَطَهِّرِينَ (مسلم والترمذي)

ASH-HADU AN LÁ ILÁHA IL-LALLÁH
WAH-DAHÚ LÁ SHARÍKALAH WA
ASH-HADU AN-NA MUHAMMADAN
ABDUHU WARASÚLUH ALLÁHUM-
MAJ-ALNÍ MINAT-TAWWÁBÍNA
WAJ-ALNÍ MINAL MUTATAH-HIRÍN.

Sumasaksi ako na walang ibang tunay na diyos maliban kay Alláh, tanging Siya lamang, wala Siyang katambal, at sumasaksi ako na si Muhammad ay Lingkod at Sugo ni Alláh. O Alláh, gawin Mo po akong kabilang sa mga laging nagbabalik-loob sa Iyo at gawin Mo po akong kabilang sa mga nagpapakadalisa para sa Iyo.

الذِّكْرُ عِنْدَ دُخُولِ الْخَلَاءِ

Ang Dhikr Bago Pumasok sa Palikuran

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ إِنِّي أَعُوذُ بِكَ مِنَ الْخُبُثِ وَالْخَبَائِثِ
(البخاري ومسلم)

**BISMILLÁH ALLÁHUM-MA INNÍ A-
ÚDHU BIKÁ MINAL-KHUBTHI WAL-
KHABÁ-ITH**

Sa ngalan ni Allah; O Alláh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa demonyong lalaki at babae.

الذكر عند الخروج من الخلاء
Ang Dhikr Pagkalabas sa Palikuran

عُقْرَانُكَ

(أبو داود، الترمذي، ابن ماجه)

GUFRÁNAK

Ako ay patawarin Mo (O Alláh)

دعاء الاستخارة

PAGHINGI NG PATNUBAY

اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْتَخِيرُكَ بِعِلْمِكَ، وَأَسْتَقْدِرُكَ بِقُدْرَتِكَ، وَأَسْأَلُكَ
مِنْ فَضْلِكَ الْعَظِيمِ، فَإِنَّكَ تَقْدِرُ وَلَا أَقْدِرُ، وَتَعْلَمُ وَلَا أَعْلَمُ،
وَأَنْتَ عَلَّامُ الْغُيُوبِ. اللَّهُمَّ إِنْ كُنْتَ تَعْلَمُ أَنَّ هَذَا الْأَمْرَ
خَيْرٌ لِي فِي دِينِي وَمَعَاشِي وَعَاقِبَةِ أَمْرِي - أَوْ قَالَ: فِي
عَاجِلِ أَمْرِي وَآجِلِهِ - فَاقْدِرْهُ لِي. وَإِنْ كُنْتَ تَعْلَمُ أَنَّ هَذَا
الْأَمْرَ شَرٌّ لِي فِي دِينِي وَمَعَاشِي وَعَاقِبَةِ أَمْرِي أَوْ قَالَ:
فِي عَاجِلِ أَمْرِي وَآجِلِهِ - فَصَرِّفْهُ عَنِّي وَاصْرِفْني عَنْهُ
وَاقْدِرْ لِي الْخَيْرَ حَيْثُ كَانَ ثُمَّ ارْضِنِي بِهِ.

ALLÁHUM-MÁ INNÍ ASTAKHÍRUKA
BI-ILMIKA, WA-ASTAQDIRUKA
BIQUDRATIKA, WA AS-ALUKA MIN
FADHLIKAL-ADHÍM FA-IN-NAKA
TAQDIRU WALÁ AQDIRU,
WATA'LAMU WALÁ A'LAMU, WA
ANTA AL-LÁMUL-GHUYÚB.

ALLÁHUM-MA INKUNTA TA'LAMU
AN-NA HADHAL AMRA – banggitin ang
kahilingan – KHAYRUN LÍ FÍ DÍNÍ
WAMA-ÁSHÍ WA-ÁQIBATI AMRÍ – o
sabihin din: FÍ ÁJILI AMRÍ WA-ÁJILIHÍ
– FAQDUR-HU LÍ.

WA INKUNTA TA'LAMU AN-NA
HÁDHAL AMRA SHAR-RUN LÍ FÍ
DÍNÍ WAMA-ÁSHÍ WA-ÁQIBATI
AMRÍ – o sabihin din: FÍ ÁJILI AMRÍ
WA-ÁJILIH – FASRIF-HU ANNÍ
WASRIFNÍ AN-HU WAQDUR LIYAL
KHAYRA HAYTHU KÁNA, THUM-MA
AR-DHINÍ BIHÍ.

O Allah, hinihiling ko po ang Iyong payo sa pamamagitan ng Iyong kaalaman, at ako'y humihingi sa Iyo ng tulong sapagka't Ikaw ang Makapangyarihan. At ako'y humihingi sa Iyong lubusang kadakilaan sapagka't Ikaw ang may Kakayahan at ako'y walang kakayahan. Ikaw lamang ang tanging Nakaaalam at ako'y walang alam, Ikaw ang lubos na Nakaaalam sa lahat ng bagay na nakalingid.

O Allah, nalalaman Mo po ang bagay na ito (banggitin ang kahilingan) na kung makabubuti sa akin at ayon sa aking Relihiyon, sa aking pamumuhay at sa aking kahahantungan, kung maaari ay ipagkaloob Mo po sa akin sa lalong madaling panahon, At itakda Mo po sa akin.

At nalalaman Mo po ang bagay na ito (banggitin ang kahilingan) na kung makakasama sa akin at sa aking Relihiyon, sa aking pamumuhay at sa aking kahihinatnan, kung maaari ay ilayo Mo po sa akin at ako'y ilayo sa kanya. At ipagkaloob Mo po sa akin ang anumang kabutihan at Ako'y kalugdan sa pamamagitan nito."